# ISANG PAGPUPUGAY SA MGA GURO

*by:*
**Carlota R. Moleño**
*Teacher I*

"Guro" isang salita na mula noong tayo ay 4 na taong gulang pa lamang ay sinasambit na natin hanggang sa ang ilan sa atin ay maging propesyunal na ay may mga "Guro" pa din na gumagabay at nagiging inspirasyon natin.

Marami sa atin ay labis na humahanga sa kanila, at siguradong may ilan din ang namumuhi sa kanila. Bakit nga ba sila ay kahanga-hanga? Kahit hindi naman natin sila kaano-ano, labis ang ating pagtingala sa kanilang propesyon.

Maaaring ang unang dahilan ang ang "debosyon" sa kanilang trabaho, maliit man ang kanilang sweldo ay nailalaan pa rin nila ang bahagi nito sa paggastos upang mapaganda ang ating silid-aralan. Tinitiyak nilang masisisyahan ang ating mga mata sa mga dekorasyong nakadikit at nakapalibot sa ating silid-aralan. Ginagawa nila ito upang tayo'y sipagin sa ating pagpasok sa paaralan at ganahang mag-aral. Sabi nga nila "second home" o "pangalawang tahanan" nila ang paaralan at tayong mga mag-aaral niya ay kanilang mga anak at sya naman ang ating pangalawang magulang.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

"Sipag at Tyaga" marahil ang ikalawang dahilan. Isa ka ba sa hirap magbasa noong ikaw ay nag-aaral? O isa ka sa pinakapasaway at pinakamakulit na mag-aaral? Pero sa kabila nito ay pinagtyagaan ka nyang turuan sa loob ng 10 buwan hindi ba? Ang ngiti sa mukha ng iyong guro kapag ikaw ay natutong bumasa o nagpakabait habang sya ay nagtuturo ay tunay na kay sarap tingnan. Lahat ng paraan ay ginagawa nila upang matuto ang kanilang mag-aaral, kahit na mag-overtime sila sa kanilang remedial teaching ay ayos lamang sa kanila dahil ang mahalaga ay matulungan nilang magbasa ang kanilang mga mag-aaral.

"Mga papuri at motibasyon" ito marahil ang isa pang dahilan kung bakit sila kahanga-hanga. Malaki ang tiwala nila sa kanilang mag-aaral na kaya nitong gawin ang isang bagay. "Very Good". "Mahusay", kapag nakapagsagot ka ng tamas a aralin. " Alam kong kaya mo yan", "Go! Kaya mo yan", mga salita namang naghihikayat na gawin mo ang isang bagay kahit na mahirap. Magugulat ka na lamang na "uy kaya ko palay un". Salamat sa mga gurong nagtitiwala sa kakayahan ng kaniyang mga mag-aaral.

Oo, may mga strikta at masungit na mga guro, ngunit sa aminin mo at sa hindi, kahit na nasungitan ka ng iyong guro ay natuto ka pa rin sa kanya. Dahil yan ang kanilang misyon "matuto ang kanilang mga mag-aaral".

Muli isang malaking pagpupugay sa mga guro na patuloy na nagsisikap upang matuto at maging mabuting tao ang kanilang mga mag-aaral.

*References:*

https://pilipinomirror.com/tag/pagpupugay-sa-ating-mga-guro/
https://pinasglobal.com/2019/10/pagpupugay-sa-mga-guro/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan